

MGA KAPITBAHAY NA HANDA

KAAGARANG RUMIRESPONDE NANG MAGKAKASAMA SA UNANG ORAS PAGKATAPOS MANGYARI ANG SAKUNA

PAG-AALAGA AT PAGBABAHAY

Pag-aalaga sa mga kapitbahay:

- Na may mga partikular na pangangailangan
- Na nakatatanda
- Na maaaring nag-iisa sa bahay
- Na may mga alagang hayop



PAGHAHANAP AT PAGTULONG

- Magsagawa ng pagkatok sa bawat pintuan
- Magbigay ng tulong sa mga nangangailangan
- Tingnan ang lahat ng card na OK/Tulong



MGA KOMUNIKASYON

- Makinig sa mga AM/ FM na istasyon na pang-emergency
- Magtatag ng sistema ng komunikasyon sa kapitbahayan



MGA KAGAMITAN AT KALIGTASAN

- I-off ang tumatagas na natural na gas
- Bawasan ang panganib ng sunog
- Harangan ng lubid ang mga panganib (mga naka-down na linya ng kuryente, basag na bubog, atbp.)



ISANG TAO LANG ANG KAILANGAN UPANG MAKAPAGSIMULA, AT ISANG 90 NA MINUTONG PAGPUPULONG.

Pinapadali ito ng aming mga subok nang materyales!

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN PARA SA:

- Mga materyales
- Isang mapa ng kapitbahayan
- isang facilitator ng pagpupulong



Para sa dagdag na kaalaman, kontak in ang EMD

Online:
www.emergency.lacity.org

Telepono:
(213) 484-4800

Email:
emd.emdweb@lacity.org



2019 Lungsod ng Los Angeles
Ang dokumentong ito ay inihanda sa ilalim ng grant mula sa Grant Programs Directorate ng FEMA ng US Department for Homeland Security. Ang mga pananaw o opinyon na ipinahahayag sa dokumentong ito ay pag-aari ng mga awtor at hindi kumakatawan sa opisyal na posisyon o polisiya ng Grant Programs Directorate ng FEMA o ng US Department for Homeland Security

TAGALOG

PAGIGING HANDA NG KAPITBAHAYAN SA SAKUNA



READY YOUR LA NEIGHBORHOOD



tampok ang



Map Your Neighborhood

Upang ayusin ang inyong kapitbahayan para sa sakuna— **MAGSIMULA RITO**



BAKIT ANG MGA KAPITBAHAYAN?

Ang mga sakuna ay lampas sa kakayahan ng 9-1-1 na mga rumiresponde sa emergency (mga medic, bumbero, at pulis).

Kung mayroon kayong matinding pangangailangan – halimbawa, lubhang nasugatan ang inyong mahal sa buhay – ang pinakamainam na mapagkukunan ng tulong ay ang inyong mga kapitbahay.

MAGPLANO

GINTONG ORAS:

Mahalaga ang unang 60 minuto pagkatapos ng mga sakuna—para sa pagliligtas ng mga buhay, pagbabawas ng tindi ng mga pinsala, at pagpapaliit ng pinsala sa mga ari-arian.



GAANO KALAKI ANG SAKOP NG AKING KAPITBAHAYAN?

Ang laki ay natutukoy sa Gintong Panahon.

Ipinapakita ng karanasan na ang mainam na laki ng mga kapitbahayan ay:

Nag-iisang Pamilya: 15–20 na bahay

Vertical na Kapitbahayan: ang buong gusali

Kapitbahayan na Mas Kaunti ang Populasyon: 5–7 na bahay

Isulat dito ang mga partikular na hangganan ng inyong kapitbahayan:

(Halimbawa: 1400–1498 Palm Blvd., Kakailanganin ng EMD ang impormasyong ito upang ihanda ang mapa para sa inyong pagpupulong).

MAKIPAG-UGNAYAN

KONTAKIN ANG EMD

emd.emdweb@lacity.org, (213) 484-4800

- Tutulongan kayo ng EMD na pumili ng petsa ng pagpupulong, at magtatakda ito ng facilitator na tutulong sa inyo.
- Maging handa sa pagbibigay sa EMD ng mga hangganan ng inyong kapitbahayan upang maihanda nila ang mapa ng inyong kapitbahayan.
- Ang EMD ay magbibigay ng mga libreng materyales:
 - Mga imbitasyon para sa pagpupulong
 - Mga Plano ng Pagresponde sa Kapitbahayan
 - Mga Card na OK/Help
 - Mga mapa ng inyong kapitbahayan

IMBITAHAN ANG INYONG MGA KAPITBAHAY

MGA SUSI PARA SA TAGUMPAY:

- Magsagawa ng pagpupulong sa isang tahanan sa inyong kapitbahayan.
- *Personal na imbitahan ang inyong kapitbahay.* Gamitin ang inilaang nakasulat na imbitasyon bilang paalala para sa pagpupulong. Malaki ang magagawa ng personal na imbitasyon sa paghihikayat sa inyong mga kapitbahay na dumalo.
- Hingin ang tulong ng isa o dalawang kapitbahay sa pag-iimbita.

MAGPULONG

MAGSAGAWA NG PULONG PARA SA MYN (Map Your Neighborhood)

Ang isang 90-minutong pagpupulong ay magtuturo sa inyo kung ano ang gagawin sa kritikal na unang oras pagkatapos ng mga sakuna.

Kayo ay:

- Matututo ng Plano ng Pagresponde sa Kapitbahayan.
- Magkukumpleto ng Imbentaryo ng mga Kakayahan at Kagamitan.
- Magkukumpleto ng Listahan ng mga Kontak sa Kapitbahayan kasama ang mga kapitbahay na may kapansanan, nakatatanda, at kabahayang may mga alagang hayop.
- Magpaplanong maglakad magsagawa ng walk-through sa inyong kapitbahayan

Ang lahat ay aalis sa pagpupulong na may:

- Isang Plano ng Pagresponde sa Kapitbahayan
- Isang mapa ng kapitbahayan
- Isang card na Ok/Help

PAGKATAPOS NG INYONG PAGPUPULONG

emd.emdweb@lacity.org, (213) 484-4800

- Iiskedyul ang inyong pagsasanay sa kapitbahayan sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng pagkontak sa EMD.

MAGHANDA

ISAGAWA ANG INYONG PAGSASANAY SA KAPITBAHAYAN

- Magsanay gamit ang Plano ng Pagresponde sa Kapitbahayan.
- Kumpletuhin ang Mapa ng Kapitbahayan sa pamamagitan ng pagplot sa eksaktong lokasyon ng lahat ng metro ng natural na gas.
- Talakayin ang pagresponde ng kapitbahayan sa iba't ibang sitwasyon ng sakuna.

Gumagamit na ng MYN sa inyong kapitbahayan?

Mabuti!

Kontakin ang EMD upang iiskedyul ang inyong pagsasanay sa kapitbahayan at malaman ang tungkol sa iba pang elemento ng pagiging handa sa programang RYLAN.

www.emergency.lacity.org
(213) 484-4800